# Pilipinas: Ulat ng UN naglahad ng malawakang paglabag sa karapatang pantao at patuloy na kawalang kaparasuhan

BANGKOK / GENEVA (4 Hunyo 2020) - Ang mariing pokus na hadlangan ang mga banta sa pambansang seguridad at iligal na droga ay siyang nagbunsod ng mga malubhang paglabag sa karapatang pantao sa Pilipinas, kabilang na ang pagpatay at di-makatwirang pagkukulong, pati na rin ang paninira sa di-pagsangayon, alinsunod sa bagong ulat ng UN Human Rights Office nitong Huwebes. Ang nagpapatuloy na kawalang kaparusahan, kaakibat ang mga matinding balakid sa pagtatamasa ng hustisya ay dapat matugunan sa lalong madaling panahon, ayon sa ulat.

Ginunita ng ulat – binalangkas ayon sa kapasyahan ng UN Human Rights Council na matagal na kung ituring ang mga naitalang pangamba hinggil sa mga karapatang pantao, ngunit naging mas talamak ang mga ito nitong mga nakaraang taon. Ito ay ipinamamalas higit lalo sa malawakan at sistematikong pagpatay ng libu-libong mga hinihinalang sangkot sa droga. Maraming mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang napatay din sa loob ng nakalipas na limang taon.

"Bagamat nagkaroon ng mahahalagang pag-usad sa karapatang pantao sa mga nakaraang taon, lalo na sa mga karapatang pangkabuhayan at panlipunan, ang pinagbabatayang pokus sa mga banta sa pambansang seguridad – tunay o pinapintog – ay humantong sa mga malubhang paglabag ng mga karapatang pantao, habang pinagtitibay ng mga nakapipinsalang retorikang nagmumula sa mga nakakataas na opisyal," saad ng ulat. "Ang pokus na ito ay tumagos sa pagpapairal na mga batas at patakaran at ang pagpapasinaya ng mga bagong hakbangin – sa kapinsalaan ng mga karapatang pantao, mga karampatang proseso, ang pananaig ng Batas, at pananagutan."

Mula ng ilunsad ng Pamahalaan ang kampanya nito laban sa iligal na droga noong 2016, opisyal na naitala na hindi bababa sa 8,663 katao na ang napatay; may ilan ding mga pagtatantya na higit triple nito ang totoong bilang. Ang UN Human Rights Office ay nakapagtala, sa pagitan ng 2015 at 2019, na hindi bababa sa 248 na mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, abogado, mamamahayag at unyonista ang napatay kaugnay sa kanilang mga gawain.

Ayon sa ulat, malubha ang kawalan ng kaparusahan sa mga pagpatay, at simula noong kalagitnaan ng 2016 ay isang hatol lamang ang naitala bunsod ng pagkakapatay ng isang pinaghinalaang sangkot sa droga sa ikinasang operasyon ng pulisya. Magkahalong takot para sa kanilang kaligtasan at kawalan ng lakas upang hanapin ng hustisya ang ipinahayag ng mga saksi, miyembro ng pamilya, mamamahayag at abogado na kinapanayam ng UN Human Rights Office. Ito ay lumilikha ng isang sitwasyon kung saan ang "praktikal na mga hadlang sa pagtamo ng hustisya sa bansa ay halos hindi na maiigpawan."

Sa ngayon, dahil sa kabiguan ng mga mekanismong lokal na tiyakin ang pananagutan, binigyang diin ng ulat ang kagyat na pangangailangan para sa malaya, walang kinikilingang, at kapani-paniwalang pagsisiyasat sa lahat ng mga paratang hinggil sa malubhang paglabag sa mga karapatang pantao at international humanitarian law. Ang High Commissioner ay nakahandang tumulong sa mga malinaw at mapaniniwalaang hakbang tungo sa pagkakaroon ng pananagutan sa bansa at sa internasyonal na antas.

Sinuri ng UN Human Rights Office ang mga pangunahing dokumento na naglalaman ng mga patakarang kaugnay ng kampanya laban sa iligal na droga at napag-alaman nito ang nakakabahalang kawalan ng karampatang proseso, at ang paggamit ng mga salitang nanawagang tungo sa "pagpuksa" at "pag-neutralisa" ng mga hinihinalang sangkot sa droga.

"Ang nasabing di malinaw at nakapangingilabot na pananalita, kasabay ng paulit-ulit na panghihikayat ng mga nakakataas na opisyal ng Estado na gamitin ang puwersang nakamamatay, ay maaaring nagbigay tapang sa mga pulis upang ituring nila ang circular bilang pahintulot na pumatay," sinaad ng ulat.

Ang mga “raid” ng pulisya sa mga pribadong sambahayan ay regular na isinasagawa nang walang anumang “warrant”, at ang mga “post-operational spot reports” na sinuri ng Opisina ay nagpahiwatig na pagpapalsipika ng katibayan. Nang suriin ang 25 operasyon kung saan 45 katao ang napatay sa Metro Manila sa pagitan ng Agosto 2016 at Hunyo 2017, napagalaman na "ang mga pulis ay paulit-ulit na nakakakuha ng mga baril na may pare-parehong “serial number” mula sa iba't ibang mga biktima sa iba't ibang lokasyon," na nagmumungkahi na ang ilang mga biktima ay hindi armado noong sila ay paslangin. Ang pag-aresto sa mga pinaghihinalaang drug offenders ay malaking nakadagdag din sa 534 porsyento “congestion rate” sa mga bilangguan – isa sa pinakamataas na naitala sa buong mundo.

Dapatwat ang Pilipinas ay matagal nang may matatag na tradisyon ng adbokasiya at aktibismong umiinog sa mga karapatang pantao, at ito ay may higit 60,000 na rehistradong NGO, ngunit ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay dumanas ng mga berbal at pisikal na pag-atake, pagbabanta at “legal harassment” sa loob ng halos 20 taon, saad ng ulat. Sinabi ng ulat na ang paninira laban sa mga taong sumasalungat sa Pamahalaan at pag-atake laban sa mga binansagang kritiko, ay "ibayong nagiging kabahagi na ng mga institusyon na tila ito ay normal, sa kaparaanang lubhang napakahirap nang baliktarin."

Ang palatandaan ng "red-tagging" – ang pagbansag sa isang indibidwal o grupo (kabilang ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at mga NGO) bilang mga komunista o terorista – ay nagdulot ng isang malubhang banta sa lipunang sibil at kalayaang magpahayag. Itinala ng ulat ang ilang mga kaso na kung saan ang isang na-red-tag ay di kalaunan pinatay din. Ilang indibidwal din ang dumulog sa UN Human Rights Office na sila ay nakatanggap ng mga banta na papatayin o mga komentong may bahid ng kahalayan sa kani-kanilang pribadong mensahe o social media.

"Ang pagtataguyod sa mga karapatang pantao ay regular na inihahambing sa pagre-rebelde at ang pokus ay nailipat sa pagsira sa taong nagdadala ng mensahe kaysa suriin kung ano sinasaloob ng mensahe," sabi ng ulat. "Nililito at niyuyurakan nito ang espasyo para sa diskusyon, di pagsang-ayun-ayon at pagtuligsa ng mga institusyon at patakaran ng Estado."

Ang mga paglabag sa karapatang pantao na naitala sa Pilipinas ay pinalubha ng mga nakakapinsalang retorika na nagmula sa pinakamataas na antas ng Pamahalaan, na inilarawan ng ulat bilang "malaganap at lubos na nakasisira." Sinasaklaw ng naturang retorika ang mga mapanghamak na puna laban sa kababaihan ng nagtatanggol ng karapatang pantao, at pag-uudyok sa labis na dahas laban sa mga kumakatawan ng lipunang sibil, mga mamamahayag, mga taong gumagamit at

nagbebenta ng droga, at mga katutubong mamamayan. Ang paggamit ng iilan sa "mapanilab" na pananalita "ay maaaring ituring na paglabag sa pagbabawal laban sa di-makatwirang pag-kitil ng buhay sa ilalim ng Artikulo 6 ng International Covenant on Civil and Political Rights," ayon sa ulat.

Dinetalye din sa ulat ng UN Human Rights Office ang patuloy na pagbabanta sa kalayaan sa pamamahayag, kung saan ang mga mamamahayag at kilalang politiko na kritikal sa Pamahalaan ay pinarurusahan at inuusig, pati na rin ang mga hakbang upang isara ang ilang istasyon o kompanya ng midya.

Sinuri din ng ulat ang ilang pangunahing batas at patakaran sa pambansang seguridad at ang epekto nila sa mga karapatang pantao, lalo na sa timog na isla ng Mindanao, pati na rin sa isla ng Negros, na parehong nakakita ng ibayong militarisasyon sa pamamagitan ng pagpapataw ng “emergency measures”. Ang epekto ng nasabing militarisasyon – kaakibat ng pananatili ng mga armadong grupo at ang panggigipit ng mga makapangyarihang “landed elite” at malalaking proyektong komersyal – ay lubhang mabigat at nakakabahala sa mga komunidad ng katutubo at magsasaka.

May mga pangamba na ang mga patakarang kontra-insureksyon ay sinasalamin ng "mga patakaran at pamamaraan na naglalarawan ng kampanya laban sa iligal na droga, lalung-lalo na ang pagpapalagay ng pagkakasala ng isang tao, at ang kawalan ng karampatang proseso o epektibong pangangasiwa – sa pagkakataong ito laban sa mga pinaghihinalaang sumusuporta sa [Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan],” sinabi ng ulat.

Nilalahad din ng ulat ang mga salaysay tungkol sa pang-aabuso sa karapatang pantao ng mga aktor na hindi kasapi ng Estado, kabilang ang pagpatay, pagdukot, pagrekrut ng mga bata at pangingikil ng Bagong Hukbong Bayan (NPA). Kasama ang NPA sa listahan ng UN ng mga grupong gumagawa ng mga malubhang paglabag na siyang nakakaapekto sa mga bata sa sitwasyon ng armadong hidwaan. Malugod na tinanggap ng High Commissioner ang mahalagang pakikipag-unayan sa pagitan ng UN Human Rights Office at ng Pamahalaan ng Pilipinas sa pagbabalangkas ng ulat.

"Ang Pilipinas ay nahaharap sa malalaking hamon – ang kahirapang istruktural, hindi pagkakapantay-pantay, armadong hidwaan, madalas na likas na sakuna, at ngayon ang krisis dulot ng COVID-19," sabi ni Bachelet. "Mahalaga na ang anumang tugon ng Pamahalaan ay nakabatay sa pamamaraang naaayon sa mga karapatang pantao, at ginagabayan ng makabuluhang diyalogo. Ang pananagutan at ganap na aninaw hinggil sa mga naitalang paglabag ay mahalaga upang buohin ang tiwala ng publiko. Sa kasamaang palad, ang ulat ay pinaglalamnan ng kawalang kaparusahan para sa mga malubhang paglabag sa karapatang pantao, at ang mga biktima ay binawian na ng hustisya para sa pagpaslang sa kanilang mga mahal sa buhay. Tunay na napakasakit pakinggan ang kanilang mga testimonya. ”

"Ang mga taong gumagamit o nagbebenta ng droga ay hindi nawawalan ng kanilang mga karapatang pantao," sabi ng High Commissioner. "Ang mga taong hindi sumasang-ayon sa mga patakaran ng Pamahalaan at pumupuna sa kanila, kasama na sa internasyonal na pagtitipon, ay hindi dapat sinisiraan at binabansagang nakikisimpatya sa mga terorista. Ang mga katutubo ay hindi dapat maging biktima ng tunggalian sa pagitan ng Estado, mga armadong grupo na hindi saklaw ng Estado at pang-komersyong interes."

Sinabi din niya na ang UN Human Rights Office ay handang suportahan ang Pilipinas – sa pamamaraang buo at konkreto – sa pagsasakatuparan ng mga rekomendasyon ng ulat, bunsod ng pagsisikap na ihinto ang matagalan at laganap na mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa, at maiwasan ang kanilang pagkaulit.

Ang ulat ay batay sa 893 sulat na naisumite, sa malaking kontribusyon mula sa Pamahalaan ng Pilipinas, pagsusuri ng batas, mga ulat ng pulisya, mga dokumentong galing sa korte, mga bidyo, larawan at iba pang material na "open source", kalakip ang mga panayam sa mga biktima at testigo. Ito ay nakatakdang talakayin sa susunod na sesyon ng UN Human Rights Council sa Geneva.

*Basahin ang ulat sa: LINK*

Bidyo at b-roll makukuha dito: LINK

*Para sa karagdagang impormasyon at kahilingan ng midya, maari lamang pong makipag-unayan kay: Sa Bangkok, Todd Pitman (+66 63 216 9080 / todd.pitman@un.org).*

*Sa Geneva, Rupert Colville (+ 41 22 917 9767 / rcolville@ohchr.org), Liz Throssell (+ 41 22 917 9296 / ethrossell@ohchr.org), Jeremy Laurence (41 22 917 9383 / jlaurence@ohchr.org), or Marta Hurtado (+ 41 22 917 9466 / mhurtado@ohchr.org).*

***I-tag at i-share sa Twitter: @UNHumanRights at sa Facebook: unitednationshumanrights***